
	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	PC 2020-0015
	Title	Clarification on the Definition of Unwarranted Claims

Tanong	Sagot
Ano ang unwarranted claims?	<p>Ang unwarranted claims ay ang mga claim na nabayaran ng PhilHealth para sa mga empleyadong miyembro o ng kanilang mga kwalipikadong dependents ngunit walang kaakibat na hulog o kontribusyon, o report ng remittance list na dapat isinumite ng employer.</p>
Ano ang legal na basehan ng Circular na ito?	<p>Alinsunod sa Section 18 (c) ng Revised Implementing Rules and Regulations (RIRR) ng Republic Act No. 7875 o ang National Health Insurance Act of 2013, bukod sa binayarang premium o kontribusyon, dapat na magsumite rin ng remittance list o listahan ng mga pinagbayarang empleyado sa PhilHealth ang mga employer.</p> <p>Bukod dito, isinasaad din sa Section 18 (d), na ang hindi pagbabayad, pag-remit o paghulog ng employer ng tamang kontribusyon gayundin ang pagsumite ng kaukulang remittance list ay dahilan upang ang employer ay managot sa pamamagitan ng pagbabayad ng halagang na-avail ng empleyadong miyembro o ng dependent nito mula sa pagkaka-ospital.</p>
Sino-sino ang sakop ng Circular na ito?	<p>Sakop ng Circular na ito ang lahat ng employers na walang hulog o kontribusyon o isinumiteng listahan ngunit may claim mula sa ospital ang kanilang empleyado o dependent nito bago nagkabisa ang Universal Health Care Act o bago mag-ika-22 ng Nobyembre 2019.</p>
Ano ang karampatang parusa sa paglabag sa Circular na ito?	<p>Ang PhilHealth ay magpapadala ng sulat o billing statement sa employer upang ipaalam kung magkano ang unwarranted claims na nabayaran ng PhilHealth na siyang dapat i-reimburse o i-refund ng employer sa PhilHealth. Kapag ang nasabing employer ay hindi nagbayad o tumanggap magbayad, maaari silang makasuhan o idemanda ng PhilHealth alinsunod sa probisyon ng IRR ng RA 7875, na inamyendahan ng 10606, na siyang nananaig na basehan para sa unwarranted claims:</p> <p>Section 178 on the Failure or Refusal to Register/Deduct Contributions – Ang sinumang employer o opisyal na nabigo o</p>




	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	PC 2020-0015
	Title	Clarification on the Definition of Unwarranted Claims

Tanong	Sagot
	<p>tumanggi sa pagrehistro o pagkaltas at pagbayad ng kontribusyon sa PhilHealth mula sa sahod ng empleyado ay pagbabayaran ng hindi bababa sa limang libong piso (Php5,000.00) ngunit hindi hihigit sa sampung libong piso (Php10,000.00) na imu-multiply sa kabuuang bilang ng empleyado ng kumpanya.</p> <p>Section 179 on the Failure or Refusal to Remit Contributions – Ang sinumang employer o opisyal na awtorisadong kumolekta ng kontribusyon at pagkatapos kaltasin at kolektahin ang buwanang kontribusyon mula sa mga empleyado ay nabigong ibayad o tumangging ibayad sa PhilHealth ang nasabing kontribusyon sa loob ng tatlumpong araw (30) mula nang ito ay lumagpas sa tinakdang deadline ay pagbabayaran na hindi bababa sa limang libong piso (Php5,000.00) ngunit hindi hihigit sa sampung libong piso (Php10,000.00) na imu-multiply sa kabuuang bilang ng empleyado ng kumpanya.</p>
<p>Kailan o paano matutukoy na ang isang claim ay unwarranted?</p>	<p>Ang mga sumusunod na scenario o sitwasyon ay <u>nagpapakita ng na ang isang claim ay unwarranted:</u></p>

Sitwasyon	Premium o Hulog	Report o Listahan	Deskripsyon
1	Nagbayad sa tamang oras	Walang listahan na isinumite	Ang employer ay nakabayad sa tamang oras ngunit walang listahan na isinumite bago ma-ospital ang empleyadong miyembro o dependent nito.
2	Nagbayad sa tamang oras	Huli ang pagsumite ng listahan	Ang employer ay nakabayad sa tamang oras ngunit ang listahan ay naisumite habang nasa ospital o during confinement, o pagkatapos makalabas sa ospital ang empleyadong miyembro o dependent nito.



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	PC 2020-0015
	Title	Clarification on the Definition of Unwarranted Claims

3	Lampas na sa deadline ang bayad	Huli ang pagsumite ng listahan	Ang employer ay nagbayad at nagsumite ng listahan ng lampas sa itinakdang deadline habang nasa ospital o during confinement, o pagkatapos makalabas ng ospital ang empleyadong miyembro o dependent nito.
4	Lampas na sa deadline ang bayad	Walang isinumite na listahan	Ang employer ay nagbayad ng lampas sa itinakdang deadline bago ma-ospital ang empleyadong miyembro o dependent nito, at walang isinumiteng listahan.
5	Walang bayad	May isinumiteng listahan	Walang binayarang premium ang employer ngunit may listahang naisumite bago ang araw na ma-ospital ang empleyadong miyembro o dependent nito.
6	Walang bayad	Huli ang pagsumite ng report	Walang binayarang premium ang employer ngunit may listahang isinumite bago ma-ospital ang empleyadong miyembro o dependent nito.
7	Walang bayad	Walang listahan	Walang binayarang premium ang employer at walang listahan na isinumite bago ma-ospital ang empleyadong miyembro o dependent nito.

